

## Mga Serbisyong Proteksyon ng Pang-adulto: Mga Karapatan Mo

### Adult Protective Services: Your Rights

Ikaw ay may karapatan na maging malaya mula sa pag-abandona, pang-aabuso, pananamantalang pananalapi, at pagpapabaya. Kung may dahilan para maniwala na nakaranas ka ng pag-abandona, pang-aabuso, pananamantalang pananalapi, o pagpapabaya, ikaw ay may karapatan na:

1. Mag-ulat sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan at Kalusugan (Department of Social and Health Services, DSHS) at tagapagpatupad ng batas at ibahagi ang anumang impormasyong iyong pinaniniwalaan na maaaring may kaugnayan sa pagsisiyasat at tukuyin ang sinumang taong iyong pinaniniwalaan na maaaring magkaroon ng nauugnay na impormasyon.
2. Maging malaya mula sa paghihiganti sa pag-ulat o naging sanhi ng pag-ulat ng pag-abandona, pang-aabuso, pinansyal na pananamantala at pagpapabaya.
3. Itrato na may dignidad at bigyan ng magalang na mga salita.
4. Maayos na tirahan para sa iyong kapansanan kapag nag-uulat, at sa panahon ng mga imbestigasyon at mga administratibong paglilitis.
5. Humiling ng pag-uutos na nagbabawal sa sinuman na nag-abandona, nang-abuso, pinansyal na pananamantala, o nagpapabaya sa iyo sa paninirahan sa iyong bahay, pakikipag-ugnayan sa iyo, pag-access sa iyong pera o ari-arian.
6. Makatanggap ng impormasyon mula sa DSHS at nararapat na mga pagsangguni at iba pang mga ahensya na maaaring magtaguyod, mag-imbestiga, o gumawa ng aksyon.
7. Maabisuhan ng katayuan ng mga pagsisiyasat, paglilitis, mga aksyon sa korte, at mga resulta ng ahensya na humahawak ng anumang kaso kung saan ikaw ay biktima.
8. Humiling ng mga referral para sa adbokasiya o tulong legal upang makatulong sa ligtas na pagpapalano, mga imbestigasyon at mga pagdinig.
9. Magreklamo sa DSHS nang pormal o informal, tungkol sa mga imbestigasyon o mga paglilitis, at makatanggap ng mabilis na tugon.

**Upang gumawa ng ulat ng pang-aabuso, pag-abandona, pagpapabaya, pagpapabaya sa sarili o pinansyal na pananamantala, o para humingi ng impormasyon, tumawag sa:**

**Centralized Intake Voice/TTY Accessible 1-877-734-6277 / TTY 1-833-866-5595  
1-866-EndHarm (1-866-363-4276)**

Lokal na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: